# ANO ANG DAPAT ASAHAN SA LUGAR KUNG SAAN MAMAMAHAGI (POD)

Sa panahon ng isang malawakang pag-aalsa ng sakit o bioterorismo tulad ng anthrax, ang estado ng Maryland ay may itinatag na mga plano upang ipamahagi ang mga gamot at iba pang mga kagamitan sa mga lokal na komunidad sa lalong madaling panahon. Ang Kagawaran ng Kalusugan at Kalinisan ng Isip ng Maryland ay magtatayo ng mga lugar kung saan mamamahagi (POD). Itong mga lokasyon ng mga POD ay kung saan ang mga mamamayan ay maaaring pumunta upang kumuha ng mga gamot para maiwasang magkasakit. Ang polyetong ito ay nagpapaliwanag kung ano ang inaasahan kung ikaw ay aatasan ng mga opisyal na pumunta sa isang POD sa panahon ng isang emerhensiyang pangpublikong kalusugan.

## MARAMING MGA TAO AT MAHAHABANG PILA

Libo-libong mga mamamayan ang pupunta sa mga lokasyon na ito sa loob ng maikling panahon. Maging handa sa maraming tao at mahahabang pila. Maging matiyaga at magalang.

## MAHIGPIT NA SEGURIDAD

Kailangang ligtas at may seguridad ang mga POD. Maraming mga tauhan ng batas ang mananatili dito, may mga naka-uniporme, may ibang hindi. **Kinakailangan** na ikaw ay makipagtulungan sa kanila sa lahat ng oras. Makakatulong itong mapabilis ang proseso ng pamamahagi ng mga gamot.

## MGA TAGA-BALITA

Ang mga taga-ulat ng balita ay pupunta sa maraming mga lokasyon at maaaring magtanong-tanong sa iyo. Kung gugustuhin mo, makipag-ugnay lamang sa mga tauhan ng POD upang mapaunlakan ang mga taga-ulat. Ang mga tauhan ng POD ay maaaring nagtratrabaho upang mapanatili ang kaayusan at inilalayo ang mga taga-ulat sa mga mahahalagang gawaing pamamahagi.

## MGA TANONG AT SAGOT

Ang mga kinatawan ng mga lokal na departamento ng kalusugan ay may suot na mga pagkakakilanlan *o ID*. Ang mga opisyal na miyembro ng mga kawani ay nakatalaga sa mga markadong lokasyon. Sila ay maaaring sumagot ng mga katanungan at mamahagi ng mga *form*. Mangyaring maging matiyaga at magalang habang naghihintay na makipag-usap sa mga kinatawan.

## MGA PAYO

- Maghandang sagutin ang mga tanong tungkol sa kalusugan upang makakuha ng gamot para sa lahat ng miyembro ng pamilya
- Maaari kayong kumuha ng mga gamot para sa matatanda o nasalantang mga kapit-bahay o mga kaibigan na hindi makayang makapunta sa lugar ng POD
- Huwag magdala ng mga bata; ang mga itinalagang puno ng sambahayan lamang ang kailangang pumunta sa POD
- Huwag magdala ng mga alagang hayop. Subalit, ang mga hayop na ginagamit tulad ng mga bulag at iba pang may kapansanan ay pinahihintulutang pumasok sa pasilidad

MARYLAND DEPARTMENT OF HEALTH
Office of Preparedness and Response

Updated 05/2019

# MGA PAYO

- Magdala ng mga pang miryendang nakabalot gaya ng mga pinatuyong prutas, mani, biskuwit, energy bars at iba pang mga pagkain na mapapapak habang nag-aantay sa kahabaan ng linya
- Magdala ng mga babasahin, gaya ng aklat, pahayagan, o krosword, upang sakupin ang iyong oras habang nakapila
- Maaaring hindi payagang gumamit ng selpon upang masiguro na ang mga importanteng tauhan ng emerhensiya sa lugar ay hindi mawalan ng komunikasyon. May mga karatula na magsasabi sa iyo na patayin ang iyong selpon kung kinakailangan

# KARAGDAGANG IMPORMASYON

preparedness.health.maryland.gov
facebook.com/MarylandOPR
twitter.com/MarylandOPR

health.maryland.gov
facebook.com/MarylandDHMH
twitter.com/MDHealthDept